

FAIR LABOR CODE

Ang Fair Labor Association (FLA) Fair Labor Code ay tumutukoy sa mga pamantayan para sa pagtataguyod ng mga karapatan ng mga manggagawa sa mga pabrika at sa mga sakahan. Ang Fair Labor Code ay batay sa mga pamantayan ng International Labour Organization at mga karapatang pantao na kinikilala sa buong mundo. Sumasang-ayon ang mga kumpanya na miyembro ng FLA na panindigan ang mga pamantayang ito sa lugar ng trabaho sa kanilang pandaigdigang daloy ng suplay upang protektahan ang mga manggagawa at gawing mas mabuting lugar upang magtrabaho ang mga pabrika at sakahan.



ELEMENTO NG KODIGO	PAGLALARAWAN
UGNAYAN SA TRABAHO	Patitibayin ng mga nagpapatrabaho at susunod sa mga tuntunin at kondisyon ng trabaho na iginagalang ang mga manggagawa at, sa pinakamaliit, pangalagaan ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng pambansa at pandaigdigang mga batas at regulasyon sa paggawa at panlipunang seguridad.
WALANG DISKRIMINASYON	Walang sinumang tao ang dapat sumailalim sa anumang diskriminasyon sa trabaho, kabilang ang pag-hire, pasahod, pagsulong, disiplina, pagwawakas o pagreretiro, batay sa kasarian, lahi, relihiyon, edad, kapansanan, oryentasyong sekswal, nasyonalidad, opinyon sa pulitika, pangkat panlipunan o etnikong pinagmulan.
PANLILIGALIG O ABUSO	Ang bawat empleyado ay tatrathuhin nang may paggalang at dignidad. Walang empleyado ang dapat sumailalim sa anumang pisikal, sekswal, sikolohikal o verbal na panliligalig o pang-aabuso.
SAPILITANG PAGGAWA	Hindi dapat gamitin ang sapilitang paggawa, kabilang ang paggawa sa bilangguan, kasunduan sa paggawa, paggawa bilang pagbayad ng pagkakautang (bonded labor) o iba pang mga paraan ng sapilitang paggawa.
CHILD LABOR (PAGTRABAHO NG BATA)	Walang sinumang tao ang dapat magtrabaho nang mababa sa edad na 15 o wala pa sa edad ng pagkumpleto ng edukasyong compulsory alinman ang mas mataas.
KALAYAAN NG ASOSASYON AT KOLEKTIBONG PAKIKIPAGKASUNDO	Kinikilala at iginalang ng mga nagpapatrabaho ang karapatan ng mga empleyado sa kalayaan ng pagsasamahan at kolektibong pakikipagkasundo.
KALUSUGAN, KALIGTASAN, AT KAPALIGIRAN	Magbibigay ang mga nagpapatrabaho ng isang ligtas at maayos na lugar ng trabaho upang maiwasan ang mga aksidente at pinsala sa kalusugan na nagmumula o, nauugnay sa, o nangyayari sa kurso ng trabaho o bilang resulta ng pagpapatakbo ng mga pasilidad ng mga employer. Patitibayin ng mga nagpapatrabaho ang mga responsableng hakbang upang maiwasan ang mga negatibong epektong mayroon ang lugar ng trabaho sa kapaligiran.
MGA ORAS NG TRABAHO	Hindi uubligahan ng mga nagpapatrabaho ang mga manggagawa na magtrabaho nang higit pa sa pinahihintulatang regular na oras at overtime ng batas ng bansa kung saan nagtatrabaho ang mga manggagawa. Hindi lalampas ang regular na linggo ng trabaho sa 48 oras. Pahihintulutan ng mga nagpapatrabaho ang mga manggagawa nang hindi bababa sa 24 magkakasunod na oras ng pahinga sa bawat pitong-araw na period. Pagkakasunduin ang lahat ng gawaing overtime. Hindi hihiling ang mga nagpapatrabaho ng regular na overtime at babayaran ang lahat ng gawaing overtime sa isang premium rate. Bukod sa mga natatanging pagkakataon, hindi lalampas sa 60 oras ang kabuuan ng mga regular na oras at overtime sa isang linggo.
PASAHOD	May karapatan sa pasahod ang bawat manggagawa para sa isang regular na linggo ng trabaho na sapat upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng manggagawa at magbigay ng ilang opsyonal na kita. Magbibigay ang ilang nagpapatrabaho ng hindi bababa sa minimum na sahod o naaangkop na sahod, alinman ang mas mataas, susunod sa lahat ng mga ligal na kinakailangan sa sahod, at magbibigay ng anumang mga benepisyo ng fringe na inaatas ng batas o kontrata. Kung hindi natutugunan ng pasahod ang mga pangunahing pangangailangan ng manggagawa at nagbibigay ng ilang opsyonal na kita, makikipagtulungan ang bawat nagpapatrabaho sa FLA upang gumawa ng angkop na mga pagkilos na nagsisikap ipatupad nang tuluy-tuloy ang isang antas ng wastong pasahod.